## ANG TAWAG NG MABUTING PASTOL

A Lord's Flock PRAISE & WORSHIP Topic
Rev. Fr.Gerald "Moski" Moscardon
Hulyo 27, 2024

Nagtanong si Hesus sa dalawa Niyang alagad na ikinagulat nila. Tinatanong pa rin Niya ito hanggang sa ngayon, "Ano ang hinahanap ninyo?" (Jn.1:38). Gaya ng mga alagad, hindi rin natin alam ang ating hinahanap. Alam ni Hesus na hinahanap natin ang kahulugan, layunin, katuparan, at silakbo ng damdamin habang nananatiling tapat na Kristyano. Tuklasin natin ang ating bokasyon sa pamamagitan ng pagtatanong sa Mabuting Pastol, "Panginoon, ano ang kalooban Mo sa akin?" Dapat makinig tayo at unawaing mabuti ang kagustuhan ng Diyos upang tayo ay lumago sa kabanalan.



*"Ano ang hinahanap mo?"*

**Ano ang hinahanap ninyo?**

**1. Ang tatlong aspekto ng buhay:**

**1.1. Relasyon.** Makinig sa tumawag sa atin para sa pag-aasawa sa pamamagitan ng dasal at masusing pag-unawa. Pagkatapos, sasagot ng "Opo, gagawin ko," (1Pet.3:1-2).

**1.2. Hanapbuhay/Propesyon.** Nahuhumaling tayo sa pamana, ang iiwanang pangalan kung tayo'y nawala na. Kaya, tanungin natin ang Panginoon para malaman natin ang Kanyang kalooban, (Mt.5:16); para makita ng ibang tao ang ating mabubuting gawa para maluwalhati ang ating Ama sa langit.

**1.3. Pananaw sa mundo.** Ito ay paano natin tingnan ang mundo sa mata ng ating pananalig. Kung nahanap natin ang kasagutan sa sekular na kaisipan, nawalan na ng lugar ang Diyos at nawala na rin ang ating pagka-Kristyano, (Awit 10:4).

**2. Kaligayahan:** Gusto ng Diyos na ibigay sa atin ang ating kaligayahan at kalugdan ang ating pinagpaguran (Eccl.2:24). Ang kaligayahan ay isang estado ng kabutihan: pisikal, emosyonal, at sikolohikal; may kalusugan, balanse at kasiyahan. Ito ay paghahanap ng ating kahulugan, bakit tayo nilikha. Ang iba ay hinahanap ang kaligayahan sa yaman, kapangyarihan, kasikatan, at kasiyahan.

**3. Kahulugan at Layunin.** Patuloy pa rin tayong nagsasaliksik sa pinakamahalagang pagmamahal dahil sa kagustuhan nating malaman ang ating layunin at kahulugan, (Jn.15:9-11).

**4. Uri ng pagmamahal na nakikita natin.**

4.1. Ang **Bata**. "Mahalin mo ako." Patuloy siyang naghahanap at ni kailanman hindi siya nasisiyahan.

4.2. Ang **Teenager**. "Mahalin mo ako at mamahalin din kita." Takot magmahal at takot mahalin. Gusto niyang mapabilang ngunit takot siyang matanggihan.

4.3. Ang **Nasa Tamang Gulang**. "Mahal kita, gusto mo bang suklian ang aking pagmamahal?"

4.4. Ang **Katandaan**. Nagmamahal nang walang kondisyon at handang magsakripisyo.

**5. Bokasyon.** Ang kasal ay isang relasyong hindi perpekto. Kailangan nating tanggapin ang kabuuan ng tao. Nagiging mapagpakumbaba tayo at nagiging banal at masaya (1Pet.3:1-2).

**6. Pag-unawa.** Ito ay pag-alam ng kaibahan ng tama sa halos tama. **Mga hakbang sa pag-unawa:**

6.1. Makipag-usap sa taong matalino at kagalang-galang. Nagsasalita ang Diyos sa ibang tao.

6.2. Katahimikan at pag-iisa. Nagsasalita ang Diyos sa katahimikan ng *Blessed Sacrament*.

6.3. Magsimula kung ano ang alam sa sarili.

6.4. Sabihin sa Diyos. Ang mayroon ng mabuting buhay panalangin ay nauunawaan ang kalooban ng Diyos.

6.5. Hayaang mangusap ang Diyos sa gitna ng ating katahimikan

6.6. Maghintay at magtiyaga.

6.7. Makatitiyak kang may plano ang Diyos sa atin. Ipaubaya ang lahat sa Kanya.

6.8. Humingi ng grasya na magawa ang kalooban ng Diyos.

6.9. Mamili at mangako.

6.10. Suriin ang mga bunga. Kung kalooban ng Diyos ang iyong pinili, magkakaroon ng magandang bunga.

**KONKLUSYON:** Pakinggan, unawain, at tumugon sa tawag ng Mabuting Pastol para sa madali, partikular at unibersal na bokasyon, (Jn.10:2-7). Ihanay natin ang ating mga kagustuhan sa kalooban ng Diyos na aakay sa atin sa kabanalan.

**PAGNINILAY:** Anong bokasyon ang hinahanap mo? Paano mo naunawaan ang kalooban at plano ng Diyos para sa iyo?

**SCRIBES Ministry:**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Bokasyon, # Layunin